



Republic of the Philippines
CITY GOVERNMENT OF MUNTINLUPA
NATIONAL ROAD, BRGY. PUTATAN, MUNTINLUPA CITY

ABISO TUNGKOL SA PRIVACY

Ang Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa (PLM) ay pinahahalagahan ang iyong privacy at nangangakong pangalagaan ang iyong personal na impormasyon ayon sa Data Privacy Act (DPA) ng 2012 (Republic Act No. 10173).

Ang abisong ito ay pinapapaliwanag kung paano namin pinoproseso at pinoprotektahan ang iyong personal na impormasyon.

Ang abisong ito ay para sa PLM's Data Subject Request.

Koleksyon ng Personal na Impormasyon at Paraan ng Pagkuha:

Kami ay kumukuha ng sumusunod na personal na impormasyon mula sa iyo kapag nagpasa ka ng iyong request gamit ang Data Subject Request (DSR) Form:

- Pangalan
- Email Address
- Contact Number
- Mga Dokumentong Nagpapatunay ng Pagkakakilanlan
- Iba pang impormasyon na may kinalaman sa iyong request.

Batayan, Gamit, at Layunin sa Pagproseso ng Personal na Impormasyon:

Ang iyong personal na impormasyon ay ginagamit para sa mga sumusunod na layunin:

- Para sa pagproseso ng iyong request sa loob ng PLM.
- Upang magbigay sa iyo ng mga update sa iyong request.



Republic of the Philippines
CITY GOVERNMENT OF MUNTINLUPA
NATIONAL ROAD, BRGY. PUTATAN, MUNTINLUPA CITY

- Upang tugunan ang anumang request na may kaugnayan sa iyong mga karapatan bilang isang data subject.

Maaari rin naming iproseso ang iyong personal na impormasyon nang mayroon o wala ng iyong pahintulot. Ito ay kabilang sa mga sitwasyon kung saan ang pagproseso ay sumasang-ayon sa aming mandato o pinapayagan sa ilalim ng Seksyon 12 o 13 ng DPA.

Pagbahagi ng Personal na Impormasyon:

Hindi namin ibinabahagi ang personal na impormasyon sa anumang ibang partido maliban kung pinapayagan ng Seksyon 12 o 13 ng DPA.

Panganib na Nakapaloob:

Ang panganib ay tumutukoy sa potensyal na pinsala o panganib sa mga indibidwal o organisasyon. Ito ay maaaring mangyari sa pamamagitan ng hindi awtorisadong pagkuha, paggamit, paglantad, o pag-access na pwedeng makaapekto sa pagiging kumpedensiyal, integridad at pagiging available ng iyong personal na impormasyon. Kami ay nagtataguyod ng mga hakbang sa seguridad upang pangalagaan ang iyong personal na impormasyon, ngunit hindi garantisadong ligtas ito laban sa mga cyberattack o hindi awtorisadong access. Gayunpaman, mayroon kaming mga patakaran na nakatuon sa pamamahala ng mga insidente sa seguridad, na tumutugma sa mga umiiral na patakaran, circular, at iba pang mga panuntunan ng National Privacy Commission (NPC).

Mga Hakbang sa Proteksyon at Seguridad ng Datos:

Kami ay gumagamit ng mga karampatan at angkop na teknikal, pisikal, at organisasyonal na hakbang sa seguridad upang pangalagaan ang personal na impormasyon laban sa hindi awtorisadong paglantad, pang-aabuso, pagbabago, pagkawala, o pagkasira.



Republic of the Philippines
CITY GOVERNMENT OF MUNTINLUPA
NATIONAL ROAD, BRGY. PUTATAN, MUNTINLUPA CITY

Ito ay kinapapalooban ng mga sumusunod na mekanismo upang protektahan ang iyong datos:

- Patakaran sa Pag-access at Mga Hakbang sa Seguridad
- Kumprehensibong Mga Patakaran sa Seguridad
- Proteksyon at Pagsunod sa Batas ng Datos
- Pamamahalang mga Tao para sa Privacy

Pagtago, Pananatili, at Pag-aalis:

Nagtatago kami ng personal na impormasyon sa aming mga protektadong computer at server, at maaari ring gumamit ng mga cloud-based na third-party storage. Makakasigurado na ang iyong impormasyon ay palaging protektado, kahit nasaan ito nakatago.

Kami ay nagtatago ng iyong personal na impormasyon lamang sa kailangan upang tuparin ang layunin para sa kanilang pagkuha batay sa aming Record Disposition Schedule at sa National Archive of the Philippines Act of 2007 <https://nationalarchives.gov.ph/downloads/national-archives-of-the-phils-act-of-2007-r-a-9470/>.

Ang anumang personal na impormasyon na nakolekta kaugnay ng isang Data Subject Request (DSR) ay aalisin o buburahin pagkatapos naiproseso o tinanggihan ang request. Ang mga detalye lamang ng DSR na nasa DSR Log ang itatago o pananatilihin ng limang (5) taon mula sa taon na nilikha ang log.

Pagkatapos matupad ang layunin o ang nabanggit na bilang na taon, aalisin o buburahin naming ang iyong personal na impormasyon ayon sa aming Record Disposition Schedule. Kasama rito ang pagsira or pagshred ng mga pisikal na rekord at pag-alis o pagbura o pag-aanonymize ng electronic data upang maiwasan ang anumang karagdagang paggamit o pag-access nito.



Republic of the Philippines
CITY GOVERNMENT OF MUNTINLUPA
NATIONAL ROAD, BRGY. PUTATAN, MUNTINLUPA CITY

Mga Karapatan ng Isang Data Subject:

Sa ilalim ng DPA, mayroon kang mga sumusunod na karapatan:

- *Karapatan na Malaman.* May karapatan kang malaman kung paano namin kinokolekta, ginagamit, tinatago, ibinabahagi, at inaalis o binubura ang iyong mga datos. Ipinapahayag namin ang impormasyong ito sa iyo sa pamamagitan ng aming mga Privacy Notices o Abiso Tungkol sa Privacy.
- *Karapatan na Tumanggi.* Kung ang pagproseso ng personal na impormasyon ay batay sa pahintulot o lehitimong interes.
- *Karapatan sa Pag-access.* May karapatan kang humiling ng impormasyon tungkol sa kung paano namin ginagamit, tinatago, ibinabahagi, o pinoprotektahan ang iyong personal na impormasyon.
- *Karapatan sa Pagwasto ng Impormasyon.* May karapatan kang humiling ng mga pagbabago o koreksyon sa iyong personal na impormasyon kung ito ay hindi wasto, luma na, o mali.
- *Karapatan sa Pagbura o Pagharang.* May karapatan kang humiling ng pagtanggap ng iyong personal na impormasyon o hilingin sa amin na itigil ang paggamit ng iyong datos para sa partikular na layunin.
- *Karapatan sa Portabilidad ng Datos.* May karapatan kang humiling na ilipat namin ang iyong personal na impormasyon sa ibang organisasyon, o direkta sa iyo, sa ilalim ng ilang mga sitwasyon.
- *Karapatan na Maghain ng Reklamo at Mabayaran ang Pinsala.* Kung naniniwala kang nilabag ang iyong karapatan bilang isang data subject o kung nagdusa ka dahil sa anumang isyu sa iyong personal na impormasyon, maaari kang lumapit sa aming Data Privacy Committee gamit ang DSR Form. Kung hindi namin maayos ang iyong concern o kung hindi ka kuntento sa aming tugon, may karapatan kang maghain ng reklamo sa NPC.



Republic of the Philippines
CITY GOVERNMENT OF MUNTINLUPA
NATIONAL ROAD, BRGY. PUTATAN, MUNTINLUPA CITY

Mga Pagbabago sa Abiso Tungkol Sa Privacy:

Inilalaan namin ang karapatan upang i-update o amyendahan ang privacy notice na ito sa anumang oras. Maglalabas kami ng bagong privacy notice sa tuwing mayroong mga malalaking pagbabago.

Maaaring ibigay ang mga naunang bersyon ng privacy notice sa mga data subject kapag nagrequest.

Reaksyon o Puna sa Abiso Tungkol Sa Privacy:

Kung mayroon kang anumang mungkahi, komento, o alalahanin tungkol sa aming privacy notice, o kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa aming mga praktis sa privacy, maaari kang makipag-ugnayan sa aming Data Protection Officer:

Atty. NEMEI S. SANTIAGO
dpo@muntinlupacity.gov.ph
095550677317

Petsa ng huling pag-update: Abril 24, 2024

